(Binago: Abril 15, 2017)

PILYEGO NG KATOTOHANAN

Programa ng Pagsubaybay sa Pag-angkat ng Pagkaing-dagat ng E.U.

Inilathala ng Pangisdaang NOAA ang panghuling alituntunin na nagtatatag ng Programa ng Pagsubaybay sa Pag-angkat ng Pagkaing-dagat o Seafood Import Monitoring Program (SIMP)noong Disyembre 9, 2016. Ang Programa ay itinatatag, para sa pag-aangkat ng tiyak na mga produktong pagkaing-dagat, ang pag-uulat at hinihiling na pag-iingat ng tala na kailangan para maiwasan ang ipinagbabawal, hindi naiulat at hindi napangasiwaang (IUU) paghuli at/o pagsisinungaling ng pagkaing-dagat mula sa pagkasok sa komersyo ng E.U., na doon ay nagbibigay ng karagdagang proteksyon para sa aming pambansang ekonomiya, pandaigdig na seguridad sa pagkain at ang kakayahang matustusan ng aming pinagsamang mapagkukunang karagatan.

BACKGROUND

Ang panlilinlang na IUU sa pangingisda at pagkaing-dagat ay nagsasapanganib sa kalusugan ng mga natitirang isda, nagpapasama sa ligal na mga pamilihan, negatibong nakakaapekto sa kompiyansa ng mamimili, at hindi patas na nakikipagpaligsahan sa pandaigdig na mga pamilihan sa mga produkto ng mga prodyuser ng pagkaing-dagat na sumusunod sa mga regulasyon ng pangingisda. Bilang pandaigdig na lider sa natutustusang pangisdaan at pinakamalaking pamilihan sa pagkonsumo sa pagkaing-dagat, may pananagutan ng E.U. Na labanan ang ipinagbabawal na mga gawain na sumisira sa kakayahang matustusan ng aming hinating mapagkukunang karagatan.

Ang NOAA at mga kasosyong ahensya nitong Pamahalaang E.U. Ay kalahok sa maraming pagsisikap na pandaigdig na makipagkasundo, paghusayin ang pagpapatupad, palakasin ang mga pagsososyo, at itatag ang kakayahang masubaybayan ng pagkaing-dagat.
Ang Programa ng Pagsubaybay sa Pag-angkat ng Pagkaing-dagat ay ang unang yugto ng programa sa kakayahang masubaybayan batay sa panganib—na humihiling sa tagapag-angkat ng tala na magbigay at mag-ulat ng pangunahing datos—sa inisyal na listahan ng inangkat na isda at mga produktong isda na tinukoy bilang partikular na mahina sa panlilinlang na IUU ng pangingisda at/o pagkaing-dagat.

BUOD

- Itinatatag ng Programa ng Pagsubaybay sa Pag-angkat ng Pagkaing-dagat ang pagpapahintulot, pag-uulat ng data at pagtatago ng mga kinakailangang tala para sa pag-aangkat ng tiyak na inuuang isda at mga produktong isda na kinilala bilang partikular na mahina sa IUU na pangigisda at/o pagkaing-dagat na panlilinlang.
- Ang nakolektang data ay magpapahintulot sa mga priyoridad na uring ito ng pagkaing-dagat na masubaybayan mula sa punto ng pagpasok sa komersyo ng E.U. Pabalik sa punto ng pag-aani o produksyon upang mapatunayan na ito ay makatarungang inani o ginawa.

- Ang koleksyon ng dokumentasyon ng paghuli at paglalapag para sa priyoridad na mga uri ng pagkaing-dagat na ito ay isasagawa sa pamamagitan ng International Trade Data System (ITDS), ang isahang data portal ng pamahalaang E.U. para sa lahat ng pag-uulat sa pag-aangkat at pagluluwas.
- Ang Programa ng Pagsubaybay sa Pag-angkat ng Pagkaing-dagat ay hindi programa sa paglalagay ng etiketa, ni hindi ito humaharap sa mamimili. Sa pagpapanatili ng awtoridad sa Batas Magnuson-Stevens (sa ilalim kung saan ang programang regulatoryo ay naipatupad na) at ang mahigpit na seguridad sa impormasyon ng ITDS--ang impormasyon na nakolekta sa ilalim ng programang ito ay kompidensiyal.
- Ang tala ng tagapag-angkat ay kailangan para itago ang mga tala regarding the chain of custody of the fish or fish product from harvest to point of entry into U.S. hinggil sa serye ng kustodiya ng isda at pagkaing isda mula sa pag-ani hanggang sa punto ng pagpasok sa E.U.
- Ang panghuling alituntunin ay naglalarawan at tumutugon sa maraming puna ng publiko at mensaheng natanggap sa panukalang alituntunin (Pebrero 2016) at nagbibigay-diin sa ektensibong pagsisikap ng Pangisdaang NOAA upang magtatag ng epektibong programa na nagpapababa sa suliranin ng pagsunod sa industriya habang naglalaan ng kinakailangang impormasyon upang tukuyin ang ipinagbabawal at/o maling pagsasalarawan sa inaangkat na pagkaing-dagat bago iyon pumasok sa pamilihan ng E.U.

LISTAHAN NG PRIYORIDAD NA URI

Abulon *
Atlantikong Bakalaw
Asul na Alimasag (Atlantiko)
Isang dolpin (Mahi Mahi)
Gruper
Haring Alimasag (pula)
Pasipikong Bakalaw
Red Snapper
Sea Cucumber
Mga pating
Hipon *

Isdang Ispada

Mga Tuna: *Albacore, Bigeye, Skipjack, Yellowfin, at Bluefin*

IMPLEMENTASYON

Enero 1, 2018 ay ang ipinatutupad na petsa ng pagsunod para sa pinaka priyoridad na uring nakalista sa alituntunin, kasama ang *hipon at abulon na pagsunod na isinama sa ibang araw. Ang epektibong petsa ng alituntuning ito para sa lahat ng inangkat na hipon at produktong abulon – mailap na nahuli at pinalaking mga hayop na nabubuhay sa tubig- ay mananatili hanggang sa pagsisimula ng pag-uulat at/o maitatag ang mga kinakailangang pagpapanatili ng rekord para sa lokal na inalagaang hipon at produksyon ng abulon ng E.U. Sa oras na iyon, ipahahayag ng Pangisdaang NOAA ang petsa ng pagsunod para sa hipon at abulon.

IMPORMASYONG KOKOLEKTAHIN

Entidad ng Pag-aani o Paggawa

- Pangalan at bandila ng estado ng (mga) sasakyang pang-ani
- Ebidensya ng pahintulot na mangisda (numero ng permiso o lisensya)
- Kaiibang sasakyang identifier (kung available)
- (Mga) pangalan ng sakahan o pasilidad sa pag-aalaga mga hayop na nabubuhay sa tubig
- (Mga) uri ng kagamitang ginamit sa pangingisda

Tandaan: Ang lugar ng pangingisda at uri ng kagamitan sa pangingisda ay dapat na tinutukoy alinsunod sa kombensyon ng pag-uulat at mga kodigong ginamit ng may kakayahang awtoridad na nagsasagawa ng hurisdiksyon sa buong operasyon ng mailap na paghuli. Kung hindi umiiral ang nasabing mga kinakailangan sa pag-uulat, ang lugar ng pangingisda at mga kodigo ng kagamitan ng Food and Agriculture Organization ay dapat gamitin.

Isda – Ano, kailan at saan

- Uri ng isda— Aquatic Sciences Fishery Information System (ASFIS) na tatlong alpha code
- (Mga) petsa ng paglapag
- (Mga) punto ng unang paglapag
- (Mga) anyo ng produkto sa oras ng paglapag - kabilang ang dami at bigat ng produkto
- (Mga) lugar ng mailap na paghuli o pag-aani ng inaalagaang hayop na nabubuhay sa tubig
- Pangalan ng (mga) pag-aari kung saan lumapag o inihatid ang isda

Tandaan: Sa mga kaso kung saan ang mga entri at produkto ay binubuo ng mahigit isang kaganapan ng pag-aani, ang bawat kaganapan na kaugnay sa pagpapadala ay dapat na iulat ngunit hindi kailangan ng tagapag-angkat na iugnay ang bawat kaganapan sa isang partikular na isda o bahagi ng paghahatid.

Tala ng Tagapag-angkat

- Pangalan, pagkakaugnay at impormasyon ng kontak
- Nagbigay ang Pangisdaan NOAA ng numero ng international fisheries trade permit (IFTP).
- Ang tala ng tagapag-angkat ay may pananagutan sa pag-iingat ng mga rekord hinggil sa mga serye ng kustodiya na dinetalye sa itaas.
- Impormasyon sa anumang kaputusan ng produkto (mga deklarasyon sa pamamagitan ng mga sasakyang pang-ani/pangdala, kwenta ng pagkarga)
- Mga tala sa pagpoproseso, pagpo-prosesong muli, at paghahalo ng produkto.

KARAGDAGANG IMPORMASYON

- Ang impormasyon/mga kagamitan tungkol sa panghuling alituntunin ay ipinaskil sa www.iuufishing.noaa.gov
- Para sa mga katanungang kaugnay ng mga kinakailangan ng SIMP, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Pandaigdig na Ugnayan at Inspeksyon ng Pagkaing-dagat ng Pangisdaang NOAA, kay Celeste Leroux, Celeste.Leroux@noaa.gov
- Para sa mga katanungan kaugnay sa paggamit ng Automated Commercial Environment, ITDS, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Agham at Teknolohiya ng Pangisdaang NOAA, na si Dale Jones, Dale.Jones@noaa.gov